



IYONG DATOS IYONG MGA KARAPATAN

Ang pantry na ito ay lumilipat sa isang electronic system para gawin ang proseso nito sa intake. Nangangahulugan ito na lahat ng impormasyon na dating nakolekta sa papel ay ngayon electronic na isi-save. Ito ay malaking pagbabago sa pantry na ito, para sa food bank, at pinakamahalaga para sa iyo! Nauunawaan namin na maaaring may ilang mga tanong ka at sinusubukan namin na sagutin ang mga ito para sa iyo sa ibaba. Kung gusto mong malaman ang iba pa, hinihikayat ka na makipag-usap sa staff sa inyong lokal na pantry.

BAKIT GINAWA ANG PAGBABAGO?

Ikinagagalak ng Capital Area Food Bank na makipagtulungan sa lokal na pantry na ito para isamoderno ang proseso ng intake. Sa pagsali sa bagong proseso na ito at pagsagot sa ilang tanong, makakatulong ka sa amin na mabawasan ang mga oras ng paghihintay para sa mga balik-pagbisita sa pantry na ito at para makatulong sa amin na gumawa ng mas matalinong mga pasya sa kung paano paglingkuran ang inyong komunidad.

ANO ANG BAGONG SYSTEM?

Ang system ay tinatawag na Service Insights. Ito ay isang kasangkapan sa electronic na impormasyon na mas nagpapadaling mapangasiwaan ng mga pantry ang impormasyon tungkol sa komunidad na pinaglilingkuran nila habang tinutupad ang mga hinihinging pag-uulat.

KAILANGAN KO BANG IBIGAY ANG AKING IMPORMASYON?

Hindi, ngunit upang matanggap ang USDA/TEFAP (The Emergency Food Assistance Program), kailangan naming malaman ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan at apelyido
- Address
- Bilang ng mga tao sa inyong sambahayan
- Ang iyong buwanang kinikita O kung lumalahok ka sa anumang mga programa sa tulong tulad ng SNAP/food stamps, TANF, atbp.

Magtatanong din kami sa iyo tungkol sa iyong lahi, etnisidad, at mga pangalan at mga edad ng mga kasapi ng inyong sambahayan. Hindi kinakailangan sa iyo na sagutan ang mga tanong na ito para makatanggap ng TEFAP, ngunit umaasa kami na pipiliin mong sagutan ang mga ito.

KAILANGAN KO BANG GAWIN ITO BAWAT PAGKAKATAON?

Hindi. Ang paggamit ng Service Insights ay nagpapahintulot sa amin na iimbak ang iyong impormasyon nang electronic at mas pabibilisin ang mga pagbisita sa hinaharap.

Hihilingin lamang namin kayo na beripikahin at i-update ang iyong impormasyon paminsan-minsan.

May mga tanong o pag-aalala? Mag-email sa amin sa ServiceInsights@capitalareafoodbank.org



Together we can solve hunger



IYONG DATOS IYONG MGA KARAPATAN

ANG PANGAKO SA DATOS NG CAFB

Itatrato ka namin at ang iyong impormasyon nang may dignidad at paggalang.

Kung ayaw mong ibigay ang iyong impormasyon o kung hindi ka komportable sa pagsagot sa anumang mga tanong, igagalang namin ang iyong pasya at gagawin ang kaya namin na makapagbigay ng mga serbisyo sa iyo. Pagkakatiwalaan namin ang iyong mga sagot at palaging magbibigay ng pinakamahusay na serbisyo namin.

Pananatilihin namin na ligtas at secure ang iyong impormasyon.

Babantayan namin ang impormasyon na iyong ibibigay sa amin sa abot ng makakaya namin. Hindi namin ibabahagi ang iyong personal, indibidwal na impormasyon kaninuman sa labas nitong partner network. Ang Service Insights ay may napakataas na mga pamantayan sa seguridad, at makikita lamang ng mga user ang impormasyon na kailangan nilang makita. Ang pagrekord sa impormasyon sa paraan na ito ay labis na mas ligtas kaysa pagrekord nito sa papel.

Gagamitin lamang namin ang impormasyon na ito para makapagbigay ng mas magandang mga serbisyo sa iyo.

Sa pagbibigay ng iyong pangunahing impormasyon sa amin, natutulungan mo kami na maiangkop ang aming mga serbisyo sa mga pangangailangan ng komunidad sa abot ng makakaya namin. Hindi namin gagamitin ang impormasyon na ito para subaybayan ang iyong indibidwal na aktibidad o limitahan ang mga serbisyo sa iyo. Ang sinuman na mag-a-access sa iyong impormasyon ay gagawin lamang ito para itala ang mga serbisyong naibigay o i-update ang iyong profile. Ang inyong pantry at ang Food Bank ay pwedeng magpapatakbo ng mga report para tingnan ang mga trend at malaman ang mas marami pa tungkol sa komunidad, ngunit ang mga report ay hindi tutukoy ng anumang partikular, makapagpapakilalang impormasyon ng indibidwal.

May mga tanong o pag-aalala? May mga tanong o pag-aalala? Mag-email sa amin sa ServiceInsights@capitalareafoodbank.org

Together we can solve hunger